# Ipaglaban ang Ating Tahanan





## MGA MAGKAKAPITBAHAY NA NAGSASAMA SAMA UPANG LUMIKHA NG MGA SOLUSYON PARA SA KOMUNIDAD

# Talaan Ng Nilalaman

| | |
|---|---|
| Nagsasalita Tayo para sa Ating mga Sarili | Pajina 1-3 |
| Mga Tagumpay at Kung Paano Tayo Lumalaban | Pajina 4-5 |
| Pag-unlad at Pagkawala ng mga Matitirhang Lugar | Pajina 6-9 |
| Pagsasama-sama upang Kumilos | Pajina 10-11 |

*Mga Nagkakaisang Komunidad para sa Kalusugan at Katarungan (CUHJ),* **ay alyansa ng limang organisasyon sa Distrito 11 ng San Francisco. Nagsanib-puwersa kami noong 2008 upang mapaghusay ang pamumuno sa komunidad at lumikha ng pangmatagalang pagbabago sa pamamagitan ng pag-oorganisa para sa abot-kayang pabahay, hustisyang pang-ekonomiya, pagbibigay-lakas sa kabataan, at karapatan ng migrante. Kontakin kami sa cuhj.coordinator@gmail.com o sa 415.431.4210.**

**MGA PAGKILALA:** METZALLI ANDRADE (ORIHINAL NA LIKHANG SINING)
CHARLIE SCIAMMAS (PAG-EEDIT AT LAYOUT)



**Kami ay mga bata at pamilya. Kami ay matatanda at migrante. Kami ay mga manggagawa at nangungupahan. Kami ay kabataan. Sama-sama, bumubuo kami ng nagkakaisang tinig. Gusto namin ng pagkakataong lumaban upang makapamuhay sa lungsod na aming minamahal. Nagsasama-sama kami upang mag-organisa!**






## NAGSASALITA TAYO PARA SA ATING MGA SARILI!

**Ano ang ibig sabihin ng "nagkakaisa" sa iyo? Ano ang halimbawa ng pagkakataon kung saan naramdaman mong nagkakaisa ang mga tao sa iyong paligid?**

*Drowing ito:*


*Isulat:*

**NAGKAKAISA:** MAGKASAMANG TUMITINDIG AT HINDI UMUURONG.

**NAG-OORGANISA:** SAMA-SAMANG NAKIKIPAGTRABAHO SA IBA UPANG LALO PANG MAGKALAKAS AT MAKALIKHA NG MGA SOLUSYON AT NANG MAIPAGTAGUMPAY ANG TUNAY NA PAGBABAGO SA MGA PROBLEMANG KINAKAHARAP NATIN.

**Kumusta, Faye ang pangalan ko. Madalas, ginagawa ang mga desisyon tungkol sa ating buhay ng mga politikong hayok sa kapangyarihan, malalaking korporasyon at developer ng real estate na mas pinahahalagahan ang kita kaysa sa komunidad. Naniniwala kami na walang higit na nakakaalam tungkol sa pangangailangan ng komunidad kundi ang komunidad mismo. Nagsasalita tayo para sa ating mga sarili!**





## NAGSASALITA TAYO PARA SA ATING MGA SARILI!

**Ano ang ibig sabihin ng pagsasalita para sa sarili? Sa anong pagkakataon ka nagsalita para sa iyong sarili? Ano ang naging pakiramdam mo?**


*Drowing ito:*

*Isulat:*

**PAG-UNLAD:** PUWEDENG MAKALIKHA NG MGA BAGONG GUSALI, NEGOSYO AT ESPASYON PARA SA MGA TAO, AT NG MGA TAO, O UPANG KUMITA NG PERA ANG PRIBADONG SEKTOR.

**HAYOK SA KAPANGYARIHAN:** PAGBIBIGAY NG PRAYORIDAD SA PAKINABANG NG MGA PRIBADONG INDIBIDWAL KAYSA SA KAPAKANAN NG KOMUNIDAD

Ary ang pangalan ko. Buong buhay na akong naninirahan dito. Ipinagtataka ko kung bakit hindi pa nagkakaroon ng pag-unlad sa aming lugar. Gusto kong magkaroon ng pag-unlad sa ating lungsod pero ayaw kong mawala ang aming kultura. Laging ipinaaalala sa akin ng kultura dito kung sino ako at kung saan ako nanggaling.



Malaya ang pangalan ko. Tinitingnan ko ang paligid at tinatanong ang sarili kung ano ang dapat nating gawin bilang komunidad upang mapigilan ang pang-mayamang mga apartment sa kanilang pagpapaalis sa mga pamilyang mababa ang kita? Malungkot na nahuhubaran na ng ating kultura ang ating mga komunidad.



## NAGSASALITA TAYO PARA SA ATING MGA SARILI!

**Ano ang kailangan mo upang mabuhay? Paano naaapektuhan ng pera ang iyong pamumuhay? Nahihirapan ba ang iyong pamilya na mabayaran ang lahat ng pangangailangan ng iyong pamilya?**

*Drowing ito:*

*Isulat:*

**KOMUNIDAD:** PAKIRAMDAM NA KABAHAGI KA NG MGA TAO, LUGAR AT PANINIWALA NA NASA ATING PALIGID.

**PAGKATAO:** ANG MGA PATONG-PATONG NA BAHAGI NA BUMUBUO SA KUNG SINO KA.




**Shine ang pangalan ko. Itinulak namin ang pagkakaroon ng pag-unlad na natutugunan ang mga pangangailangan ng mga totoong tao. Kumatok kami sa daan-daang pintuan gamit ang Espanyol, Tagalog, Tsino, at Ingles upang matuto mula sa aming mga kapit-bahay. Sinabi ng aming komunidad na kailangan namin ng 100% abot-kayang pabahay upang mapanatili rito ang mga kapitbahay, at ng mga serbisyo para sa pangangalaga sa bata para sa aming mga anak. Dahil dito, nag-organisa kami at nanalo! Malapit nang maging realidad ang tunay na abot-kayang pabahay at pangangalaga sa bata sa pampublikong lupa sa Balboa BART Station.**



**MGA TRADISYON:**

**ANG MGA PINAHAHALAGAHAN AT RITWAL SA ATING MGA KULTURA AT PINAGMULANG BANSA NA SAMA-SAMA NATING ISINASABUHAY.**

**Alondra ang pangalan ko. Nilikha namin ang Hummingbird Farm upang muli kaming makakonekta sa lupa at sa pinag-ugatan ng aming mga ninuno. Nagsama-sama ang mga bata, magkakapit-bahay at matatanda upang makakonekta sa aming pangkulturang mga tradisyon, paghusayin ang mga kakayahan at magtanim ng aming masustansiyang pagkain at halamang-gamot.**





## MGA TAGUMPAY

**Ano-ano ang ilang tradisyon sa inyong pamilya?**
**Ano ang nararamdaman mo sa pagiging bahagi ng isang tradisyon?**

_______________________________________________

_______________________________________________

Marco ang pangalan ko. Binubuo ang aming komunidad ng masisipag na tao, pero sa Lungsod na ito, hindi laging sapat ang kasipagan sa trabaho upang masustentuhan ang ating mga pamilya. Nilikha namin ang Excelsior Works, na espasyong nakabatay sa mga kultura at wika ng ating mga komunidad, at kung saan, puwede rin nating matutunan ang tungkol sa ating mga karapatan, puwede tayong makatanggap ng suporta upang magkaroon ng trabahong may dangal, at magsama-sama upang lalo pang magkaroon ng boses at lakas.






**TRABAHONG MAY DANGAL:**

TRABAHONG PINAHAHALAGAHAN, KUNG SAAN MAY BOSES TAYO SA TRABAHO AT BINABAYARAN NG SAHOD NA SAPAT PARA MABUHAY.




## MGA TAGUMPAY

**Ano ang hitsura, tunog, pakiramdam ng lugar na nakatuon sa komunidad?**

________________________________________

________________________________________

________________________________________

Maria Elena ang pangalan ko. Mga minamahal na tindahan sa Persia Street ang Pacita's Bakery at ang Salad Place. Maniniwala ba kayong tinaasan nang libo-libong dolyar kada buwan ng sakim na nagpapaupa ang renta nila? Sino ang susunod? Makakayanan ba nating mapanatili rito ang maliliit na negosyo na mahal na mahal natin?




## PAGUNLAD AT PAGKAWALA NG MGA MATITIRHANG LUGAR

**Nakatira ba kayo, o may kilala ba kayong tao na nakatira sa nagsisiksikang pabahay? Nawalan na ba kayo ng kaibigan o kapitbahay dahil sa pagpapaalis? Ano ang pakiramdam mo tungkol dito?**


*Drowing ito:*

*Isulat:*

**ABOT-KAYA:** SINASABI NG GOBYERNO NA HINDI DAPAT MAS MATAAS SA ⅓ NG KITA ANG RENTA NATIN. HINDI ITINUTURING NA ABOT-KAYA ANG ANUMANG HINDI NATUTUGUNAN ITO.

Melissa ang pangalan ko. Ang Clean Wash Laundromat, na matatagpuan sa sentro ng aming komunidad ang siya ring basement na tahanan ng 20 sa aming mga kapitbahay. Sa kasamaang palad, naglabas ang Fire Department ng utos ng pagpapaalis dahil sa hindi ligtas na kondisyon ng pamumuhay, kaya't naitulak palabas ng kanilang tahanan ang mga umuupa. Walang abot-kayang pabahay para sa kanila o permanenteng lugar na mapupuntahan!

**Panawagang Sigaw**






## PAGUNLAD AT PAGKAWALA NG MGA MATITIRHANG LUGAR

**Nakatira ba kayo, o may kilala ba kayong tao na nakatira sa nagsisiksikang pabahay? Nawalan na ba kayo ng kaibigan o kapitbahay dahil sa pagpapaalis? Ano ang pakiramdam mo tungkol dito?**

*Drowing ito:*

*Isulat:*

**PAGPAPAALIS:** SAPILITANG PAGPAPAALIS SA IYO MULA SA IYONG BAHAY. MAHIGIT 647 KATAO NA AT DUMARAMI PA ANG NAPAALIS NA SA ATING KOMUNIDAD NITONG NAKARAANG TATLONG TAON.

**Nomi ang pangalan ko. Naging tahanan na ang 65 Ocean Avenue ng dalawang preschool, kasama na ang isang preschool na para sa paglubog sa wikang Espanyol. Maniniwala ba kayong idedemolis nila ang mga preschool na ito para makapagtayo ng pangmayamang pabahay na hindi naman abot-kaya para sa nakararami sa ating mga pamilya?**






## PAGUNLAD AT PAGKAWALA NG MGA MATITIRHANG LUGAR


**Sa inyong palagay, paano maaapektuhan ng mga pagbabago sa ating komunidad ang ating mga pamilya sa hinaharap?**

*Drowing ito:*

*Isulat:*

Kumusta, Jessie ang pangalan ko. Sa aming komunidad, gustong magtayo ng Safeway, ng pribadong developer, ng Emerald Fund at ni Superbisor Safai ng napakalaking development na may mga tahanang napakatataas ng presyo. Hindi abot-kaya ang pabahay na ito sa karamihan sa aming mga kapitbahay at lokal na residente. Mas lalo pa nitong patataasin ang mga renta at gagawing mas hindi abot-kaya ang aming komunidad sa sarili naming mga pamilya.




## PAGUNLAD AT PAGKAWALA NG MGA MATITIRHANG LUGAR

**Kung ang komunidad ang gagawa ng lugar para sa mga pangangailangan natin, sa halip na ang mga pribadong developer, ano ang magiging hitsura nito? Ano sa palagay mo ang dapat nating gawin sa paradahan ng Safeway?**

*Drowing ito:*

*Isulat:*

**SI SUPERBISOR SAFAI:** ANG ATING KINATAWAN SA CITY HALL NA MAY TUNGKULING MAGLINGKOD PARA SA TAUMBAYAN AT LUMABAN PARA SA MGA PANGANGAILANGAN NG ATING KOMUNIDAD.

Amparo ang pangalan ko. Isang espasyo ang Housing Justice Action Team (Pangkat para sa Pagkilos Tungo sa Hustisya para sa Pabahay) para sa mga karaniwang nagtatrabahong tao at migrante upang higit na magkaroon ng lakas ang taumbayan. Nagpupulong kami tuwing ikatlong Lunes ng bawat buwan. Sama-sama kaming lumilikha ng bisyon para sa malusog na pagpapaunlad. Taon-taon, nagpupulong ang mga komunidad sa People's Summit (Pagpupulong ng Taumbayan), na isang pagtitipon kung saan pinagsasama-sama ang mga nagtatrabahong tao na may diversity o magkakaiba-iba ang lahi, wika, at katayuan upang makalikha ng mga solusyon para sa komunidad.




## PAGSASAMASAMA UPANG KUMILOS

**Naranasan mo na bang magkaroon ng pakiramdam na mayroon kang lakas? Ano ang sitwasyon kung saan hindi ka nagkaroon ng lakas? Ipaliwanag ito.**

*Drowing ito:*

*Isulat:*

**LAKAS NG TAUMBAYAN :** KAPAG MAGKASAMANG TUMITINDIG ANG TAUMBAYAN LABAN SA KAWALANG-KATARUNGAN AT MAGKASAMANG NAGTATRABAHO UPANG GUMAWA NG MGA PAGBABAGO NA PAKIKINABANGAN NG LAHAT.

**I-drowing o isulat ang paraan kung saan nakikita mo ang sariling nakikisangkot. Ano-anong kakayahan ang mayroon ka na puwede mong maituro sa iba? Ano ang gusto mong matutunan? Paano mo sinasabi sa iyong mga kaibigan at pamilya ang tungkol sa mga natututunan mo? Paano mo naipaparinig ang iyong boses?**

## PAGSASAMASAMA UPANG KUMILOS

*Drowing ito:*

*Isulat:*



# *Likod Na Pahina*

*Ngunit ito ay simula lamang!*

# Glossary

**NAGKAKAISA:** MAGKASAMANG TUMITINDIG AT HINDI UMUURONG.

**NAG-OORGANISA:** SAMA-SAMANG NAKIKIPAGTRABAHO SA IBA UPANG LALO PANG MAGKALAKAS AT MAKALIKHA NG MGA SOLUSYON AT NANG MAIPAGTAGUMPAY ANG TUNAY NA PAGBABAGO SA MGA PROBLEMANG KINAKAHARAP NATIN.

**PAG-UNLAD:** PUWEDENG MAKALIKHA NG MGA BAGONG GUSALI, NEGOSYO AT ESPASYON PARA SA MGA TAO, AT NG MGA TAO, O UPANG KUMITA NG PERA ANG PRIBADONG SEKTOR.

**HAYOK SA KAPANGYARIHAN:** PAGBIBIGAY NG PRAYORIDAD SA PAKINABANG NG MGA PRIBADONG INDIBIDWAL KAYSA SA KAPAKANAN NG KOMUNIDAD

**KOMUNIDAD:** PAKIRAMDAM NA KABAHAGI KA NG MGA TAO, LUGAR AT PANINIWALA NA NASA ATING PALIGID.

**PAGKATAO:** ANG MGA PATONG-PATONG NA BAHAGI NA BUMUBUO SA KUNG SINO KA.

**MGA TRADISYON:** ANG MGA PINAHAHALAGAHAN AT RITWAL SA ATING MGA KULTURA AT PINAGMULANG BANSA NA SAMA-SAMA NATING ISINASABUHAY.

**TRABAHONG MAY DANGAL:** TRABAHONG PINAHAHALAGAHAN, KUNG SAAN MAY BOSES TAYO SA TRABAHO AT BINABAYARAN NG SAHOD NA SAPAT PARA MABUHAY.

**ABOT-KAYA:** SINASABI NG GOBYERNO NA HINDI DAPAT MAS MATAAS SA ⅓ NG KITA ANG RENTA NATIN. HINDI ITINUTURING NA ABOT-KAYA ANG ANUMANG HINDI NATUTUGUNAN ITO.

**PAGPAPAALIS:** SAPILITANG PAGPAPAALIS SA IYO MULA SA IYONG BAHAY. MAHIGIT 647 KATAO NA AT DUMARAMI PA ANG NAPAALIS NA SA ATING KOMUNIDAD NITONG NAKARAANG TATLONG TAON.

**SI SUPERBISOR SAFAI:** ANG ATING KINATAWAN SA CITY HALL NA MAY TUNGKULING MAGLINGKOD PARA SA TAUMBAYAN AT LUMABAN PARA SA MGA PANGANGAILANGAN NG ATING KOMUNIDAD.

**LAKAS NG TAUMBAYAN :** KAPAG MAGKASAMANG TUMITINDIG ANG TAUMBAYAN LABAN SA KAWALANG-KATARUNGAN AT MAGKASAMANG NAGTATRABAHO UPANG GUMAWA NG MGA PAGBABAGO NA PAKIKINABANGAN NG LAHAT.